



Supplemental Security Income (SSI) para sa mga Hindi Mamamayan

Ano ang nasa loob

Sino ang makakakuha ng Supplemental Security Income (Karagdagang Kita sa Seguridad)?	1
Pitong taon na limitasyon para sa ilang mga hindi mamamayan	2
Mga kredito sa trabaho	3
Kailangan namin ng patunay ng iyong katayuan	3
Impormasyon tungkol sa Medicaid	3
Maaari kang mag-file ng bagong claim	3
Kung may may sponsor ka	4
Mga Social Security number	4
Pagiging mamamayan	4
Pakikipag-ugnayan sa amin	4

Sino ang makakakuha ng Supplemental Security Income (Karagdagang Kita sa Seguridad)?

Para maging karapat-dapat sa SSI bilang isang hindi mamamayan, dapat isa ka sa ilang klasipikasyon na ibinigay ng Department of Homeland Security (Kagawaran ng Seguridad ng Sariling Bayan) (DHS). Maaari kang maging karapat-dapat para sa SSI kung ikaw ay:

- Legal na pinapasok para sa permanenteng paninirahan.
- Pinapasok nang may kondisyon
- Nabigyan ng parol sa Estados Unidos.
- Pinapasok bilang isang refugee.
- Pinagkalooban ng asylum.
- Isang dayuhan na pinipigilan ang pag-alis.
- Isang Cuban o Haitian na Entrante.

- Pinapasok bilang isang Imigranteng Amerisyan.
- Pinapasok bilang isang Espesyal na Imigranteng Afghan o Iraqi.
- Pinapasok bilang isang Afghan na makataong binigyan ng parol o Imigranteng Hindi Espesyal na Binigyan ng Parol.
- Pinapasok bilang isang Ukranian na makataong binigyan ng parol.

Maliban sa pagiging isa sa mga klasipikasyon sa itaas, dapat mo ring matugunan ang isa sa mga kinakailangang ito para maging karapat-dapat sa SSI bilang isang hindi mamamayan:

- Legal kang naninirahan sa Estados Unidos noong Agosto 22, 1996, at bulag ka o nagkaroon ng kapansanan.
- Nakatanggap ka ng SSI noong Agosto 22, 1996, at legal kang naninirahan sa Estados Unidos.
- Legal kang pinapasok para sa permanenteng paninirahan at mayroon kang kabuuang 40 kredito ng trabaho sa Estados Unidos. (Maaaring ibilang ang trabaho ng iyong asawa o magulang).
- Isa kang beterano o miyembro na aktibong naglilingkod sa United States Armed Forces (Sandatahang Lakas ng Estados Unidos), o asawa o dependent ng isang beterano o miyembro na aktibong naglilingkod sa United States Armed Forces (Sandatahang Lakas ng Estados Unidos).
- Isa kang American Indian na ipinanganak sa Canada.
- Isa kang hindi mamamayang miyembro ng isang tribong Indian na pederal na kinikilala.
- Biktima ka ng matitinding anyo ng human trafficking.

May iba pa na maaaring maging karapat-dapat para sa mga pagbabayad. Kung ikaw ay isang hindi mamamayan at gustong mag-apply sa SSI, makipag-ugnayan sa amin para malaman kung karapat-dapat ka.

TANDAAN: Kung pumasok ka sa Estados Unidos noong Agosto 22, 1996 o pagkatapos nito, maaari kang maging hindi karapat-dapat sa SSI sa unang 5 taon bilang isang legal na tinatanggap na permanenteng residente, kahit na mayroon kang 40 kredito ng kita.

Pitong taon na limitasyon para sa ilang mga hindi mamamayan

Maaaring makakuha ng SSI ang ilang hindi mamamayan ng hanggang 7 taon. Kung limitado sa 7 taon ang iyong mga pagbabayad sa SSI dahil sa iyong partikular na katayuan bilang hindi mamamayan, magpapadala kami sa iyo ng liham na nagsasabi kung kailan magtatapos ang iyong 7 taon. Magpapadala kami ng isa pang liham na nagpapaliwanag sa iyong mga karapatang mag-apela bago namin ihinto ang iyong mga pagbabayad.

Kung kasalukuyan o dati kang tumatanggap ng SSI na sumasailalim sa pagiging karapat-dapat sa SSI sa ilalim ng 7 taong limitasyon, at nag-apply ka para sa pagkamamamayan, hinihikayat ka naming makipag-ugnayan sa U.S. Citizenship and Immigration Services (Mga Serbisyo sa Pagkamamayan at Imigrasyon ng U.S.) (USCIS) upang malaman kung paano:

- Pabilisin ang pagproseso ng iyong nakabinbing naturalisasyon (N-400) o aplikasyon sa pag-adjust ng katayuan (I-485).
- I-waive ang mga bayarin para sa gastos na nauugnay sa paghahain ng mga aplikasyong ito.

Maaari ka (o ang iyong kinatawan) na tumawag sa USCIS nang walang bayad sa **1-800-375-5283** (hintayin ang opsyon ng SSI sa main menu) o **1-800-767-1833** (TTY) kung ikaw ay bingi o mahina ang pandinig at hilingin ang pinabilis na pagproseso. Maaari ka ring humiling ng pinabilis na pagproseso sa pamamagitan ng pagsulat o sa pamamagitan ng pagpunta sa lokal na tanggapan ng USCIS. Tiyaking sabihin sa kanila na **kasalukuyan o dati** kang tumatanggap ng SSI. Upang mas matuto pa, makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan

ng USCIS, o bisitahin ang website ng USCIS sa www.USCIS.gov/feewaiver (available lang sa wikang Ingles).

Mga kredito sa trabaho

Tinutukoy ng kasaysayan sa trabaho ng isang tao ang kanilang pagiging karapat-dapat sa mga benepisyo ng Social Security, gayundin ang pagiging karapat-dapat sa SSI para sa ilang hindi mamamayan. Nakakakuha ka ng mga kredito sa trabaho batay sa halaga ng pera na iyong kinita. Bahagyang tumataas ang halagang kailangan para makakuha ng kredito sa trabaho bawat taon habang tumataas ang mga antas ng karaniwang kita.

Para sa mga benepisyo ng Social Security, maaari kang makakuha ng pinakamataas na 4 na kredito bawat taon. Maaari ding makatanggap ng mga karagdagang kredito bawat taon ang isang hindi mamamayan batay sa trabaho ng asawa o magulang.

Mananatili sa iyong rekord sa trabaho ang mga kredito sa trabaho. Nakakatulong ang mga ekstrang kredito sa trabaho mula sa asawa o magulang sa pagiging karapat-dapat ngunit hindi itinatala sa record sa trabaho ng isang hindi mamamayan at hindi binibilang upang matukoy ang halaga ng mga benepisyo. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang aming publikasyon, *How You Earn Credits* (Publication No. 05-10072) (*Paano Ka Makakakuha ng Mga Kredito* (Publication No. 05-10072) (available lang sa wikang Ingles).

Kailangan namin ng patunay ng iyong katayuan

Kapag nag-apply ka para sa SSI, dapat mong patunayan ang katayuan ng iyong pagiging hindi mamamayan. Maaaring kailanganin ding magbigay sa amin ang mga hindi mamamayan na nagsilbi sa U.S. Armed Forces (Sandatahang Lakas ng U.S.) ng patunay ng serbisyo sa militar. Narito ang mga halimbawa ng mga bagay na maaaring kailangan mong ibigay:

- Bilang patunay ng iyong katayuan bilang hindi mamamayan — isang kasalukuyang Form I-94 (arrival/departure record) (rekord ng pagdating/pag-alis), o I-551 (lawful permanent resident card) (naaayon sa batas na card ng paninirahan) mula sa DHS o isang kautusan mula sa isang huwes ng imigrasyon na pumipigil sa deportasyon o pagbibigay ng asylum.
- Bilang patunay ng serbisyo militar — mga papeles ng pag-alis sa militar ng U.S. (DD Form 214) na nagpapakita ng marangal na pag-alis na hindi batay sa katayuan ng iyong pagiging hindi mamamayan.

Maaaring sabihin sa iyo ng inyong lokal na tanggapan ng Social Security kung ano pa ang ibang uri ng ebidensya na maaari mong isumite upang patunayan ang iyong katayuan.

Impormasyon tungkol sa Medicaid

Kung mayroon kang saklaw ng Medicaid batay sa iyong SSI, dapat magpatuloy ang iyong Medicaid hangga't nakukuha mo ang SSI.

Maaari kang mag-file ng bagong claim

Kung nahinto ang pagbabayad ng iyong SSI dahil ikaw ay isang hindi mamamayan na hindi karapat-dapat, maaari kang mag-apply muli. Makipag-ugnayan kaagad sa amin kung nagbago ang katayuan ng iyong imigrasyon, o kung ikaw ay naging isang mamamayan ng U.S., at sa palagay mo ay kwalipikado ka, o may 40 kredito ka sa trabaho. Kailangan mong dalhin sa amin ang iyong sertipiko ng naturalisasyon o iba pang dokumento na nagpapakita ng kasalukuyan mong katayuan sa imigrasyon.

Kung may may sponsor ka

Noong pumasok ka sa Estados Unidos, maaaring may isang taong pumirma sa kasunduan para magbigay suporta sa iyo. Ang kasunduang ito ay tinatawag na affidavit ng suporta, at tinatawag na sponsor mo ang taong pumirma nito.

Sa pangkalahatan, binibilang namin ang isang bahagi ng kita at resources ng iyong sponsor at kanilang asawa bilang sa iyo mula noong dumating ka sa Estados Unidos. Ang inyong lokal na tanggapan ng Social Security ay maaaring magbigay sa iyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga panuntunang ito, at kung ano ang kahulugan ng mga ito sa iyo.

Mga Social Security number

Kung ikaw ay isang hindi mamamayan na legal na pumasok na may pahintulot na magtrabaho sa Estados Unidos, maaaring mangailangan ka ng Social Security number. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang aming publikasyon, *Mga Social Security Number para sa Mga Hindi Mamamayan* (Publication No. 05-10096).

Pagiging mamamayan

Upang mas matuto pa ang tungkol sa kung paano maging isang mamamayan ng Estados Unidos, tumawag sa USCIS nang walang bayad sa **1-800-375-5283** (para sa bingi o mahina ang pandinig, tawagan ang numero ng TTY, **1-800-767-1833**). Maaari mo ring kontakin ang inyong lokal na tanggapan ng USCIS, o bisitahin sila online sa www.uscis.gov (available lang sa wikang Ingles).

Pakikipag-ugnayan sa amin

May ilang paraan upang makipag-ugnayan sa amin, gaya ng online, sa telepono, at personal. Narito kami para sagutin ang mga tanong mo at para paglingkuran ka. Sa loob ng mahigit 85 taon, nakatulong ang Social Security na gawing matiwasay ang kasalukuyan at kinabukasan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong tao sa kanilang paglalakbay sa buhay.

Bisitahin ang aming website

Ang pinakamaginhawang paraan para magsagawa ng gawain sa Social Security ay online sa www.ssa.gov (available sa wikang Ingles at Espanyol). Marami kang magagawa. Available lang sa wikang Ingles ang ilan sa mga serbisyong ito. Para tulungan kang magsagawa ng gawain sa Social Security,

- Mag-apply para sa Extra Help with Medicare prescription drug plan costs (Ekstrang Tulong sa mga gastusin sa plano sa inireresetang gamot ng Medicare) (available lang sa wikang Ingles).
- Mag-apply para sa karamihang uri ng benepisyo (available lang sa wikang Ingles).
- Humanap ng mga kopya ng am mga publikasyon (available sa iba't ibang wika).
- Masagot ang mga madalas itanong (available sa wikang Ingles at Espanyol).

Kapag gumawa ka ng isang personal na *my* Social Security account (available lang sa wikang Ingles), mas marami ka pang magagawa.

- Repasuhin ang iyong *Social Security Statement* (Pahayag ng Social Security).
- Beripikahin ang iyong mga kinita.
- Kumuha ng mga pagtaya ng mga benepisyo sa hinaharap.
- Mag-print ng sulat ng beripikasyon ng benepisyo.
- Baguhin ang iyong impormasyon ng direktang deposito.
- Humiling ng kapalit na Medicare card.
- Kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S.
- Humiling ng kapalit na Social Security card, kung wala kang pagbabago at nakikibahagi ang iyong estado.

Maaaring maging limitado ang iyong pag-access sa iyong personal na *my* Social Security account para sa mga gumagamit sa labas ng Estados Unidos.

Tumawag sa amin

Kung hindi mo magamit ang aming mga online na serbisyo, matutulungan ka namin sa telepono kapag tumawag ka sa iyong lokal na opisina ng Social Security o sa aming Pambansang Numerong toll-free na 800. Nagbibigay kami ng libreng mga serbisyo ng interpreter kapag hiniling. Mahahanap mo ang impormasyon ng iyong lokal na opisina sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong ZIP code sa aming webpage ng tagahanap ng opisina (bagama't ang tagahanap ng lokal na opisina ay available lang sa wikang Ingles, maaari mong ilagay ang iyong zip code para mahanap ang pinakamalapit na lokal na opisina).

Maaari kang tumawag sa amin sa **1-800-772-1213** — o sa aming numero ng TTY, **1-800-325-0778**, kung ikaw ay bingi o mahina ang pandinigmakarinig — sa pagitan ng 8:00 a.m. – 7:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes. **Ang oras ng paghihintay para makausap ang isang kinatawan ng Social Security ay karaniwang mas maikli tuwing Miyerkules hanggang Biyernes o sa bandang hapon.** Para sa aming mga libreng serbisyo ng inter-preter, manatili sa linya at manatiling tahimik sa panahon ng aming mga hudyat na English voice automation, hanggang sumagot ang isang kinatawan ng Social Security. Makikipag-ugnayan ang kinatawan ng Social Security sa isang inter-preter para tumulong sa iyong tawag.

Nag-aalok din kami ng maraming awtomatikong serbisyo sa telepono sa Ingles at Espanyol, available 24 na oras kada araw, kaya hindi mo kailangang makipag-usap sa isang kinatawan ng Social Security.

Kung mayroon kang mga dokumentong kailangan naming makita, tandaan na dapat orihinal ang mga ito o mga kopya na sertipikado ng ahensya na nag-isyu.



Securing today
and tomorrow

Social Security Administration
Publication No. 05-11051-TL I January 2023 (November 2022 edition may be used)
Karagdagang Kita sa Seguridad (SSI) para sa mga Hindi Mamamayan
Supplemental Security Income (SSI) for Noncitizens (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ginawa at inilathala sa gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S.